REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

PANLALAWIGANG TANGGAPAN NG KABATAAN, ISPORTS AT *PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE*

Nobyembre 27, 2020

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED
DEC 01 2020
Time:

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
Schools Division Superintendent
Department of Education – Division of Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office, Department of Labor and Employment* at ng *Bulacan Career Guidance Advocates Network, Inc. (BCGANI)* ay magkakatuwang na magsasagawa ng **Career Guidance Seminar (CGS)** na lalahukan ng lahat ng mag-aaral ng Grade 10 mula sa *public high school* sa buong lalawigan. Sa taong ito, ang CGS ay isasagawa sa darating na **ika-7 ng Disyembre, 2020 ganap na ika-10:00 ng umaga** ***via Zoom*** **at *Facebook live streaming*.**

Layunin po nito na mabigyan ng gabay ang mga kabataang mag-aaral sa pagpili ng kurso o bokasyon na naaayon sa kanilang interes at kakayahan.

**Kaugnay nito, malugod po naming hinihiling ang mahalagang pagdalo ng mga sumusunod mula sa inyong dibisyon sa nasabing gawain:**

1. ***Zoom Participants*** – binubuo ng Education Program Supervisor, lahat ng Career Guidance Advocates at dalawang (2) piling mag-aaral ng Grade 10 sa bawat paaralan na magrerehistro sa *link* na ito, https://forms.gle/Kh1ZYZRpY6ucK4k49.
2. ***Facebook live streaming participants*** – binubuo ng lahat ng mag-aaral ng Grade 10 sa bawat paaralan na magrerehistro sa *link* na ito, https://forms.gle/EdL6zptKQd1YXkbY7.

Inaasahan po namin ang inyong pagsasaalang-alang at pagtugon sa aming paanyaya.

Maraming salamat po.

Lubos na sumasainyo,

"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo"

**ABGDO. KENNETH Z. OCAMPO-LANTIN**
Pinuno ng Tanggapan

Reproduction No. 161 s, 2020